

# PROLOGUE

Kinakabahan na si Therese. Mag-iisang oras na siyang naghihintay sa tipanan nila ni Adrian, ngunit hindi pa rin ito dumarating. Alas seis ng hapon ang usapan nila na magkikita sa paborito nilang fastfood chain sa *Araneta Center*. Pagkagaling niya kanina sa trabaho ay nagpalit lamang siya ng kasuotang pambiyahe, maong na pantalon at simpleng blouse. May dala siyang traveling bag na ang laman ay ilang damit at personal na gamit.

Nakapagpaalam na rin siya sa kanyang clinic director na magbabakasyon nang mga dalawang linggo sa probinsya at nakapag-withdraw na rin siya sa ATM.

Usapan nila ni Adrian na magtatanan ngayon. Tutuloy muna sila sa Naga kung saan naroon ang pamilya niya. Nakilala ng kanyang mga magulang ang kasintahan nang minsang magbakasyon ang mga ito sa boarding house niya. Ngunit kahit kailan ay hindi pa nila napag-usapan ang paglagay sa tahimik.

Siya mismo ay nagulat nang yayain ng nobyo na magtanan. Alam niya na tutol sa kanya ang ina ni Adrian. Ulila na ito sa ama.

May inireretong babae ang mama ni Adrian, anak ng kaibigan at kasosyo nito sa negosyo. At pursigido ang matandang babae na magkatuluyan ang dalawa.

Nagakaharap na sila ng mama ni Adrian. Magalang siyang iniharap ng binata sa mama nito. Civil naman si Mrs. Melita Garces, ngunit halatang mababa ang pagtingin sa kanya.

*“Medical technologist ka ba ’ika mo, hija?” natatandaan niyang tanong ng babae. “Bakit hindi mo itinuloy sa Medicine?”*

*Kiming ngumiti si Therese. “Hindi ho kaya ng parents ko. Mga kapatid ko na ho ang nagtulong-tulong para makatapos ako. May-sakit ho kasi ang tatay ko.”*

*“Jeepney driver ba ‘ika mo ang tatay mo?” Medyo nakataas ang kilay ni Mrs. Garces.*

*“Jeepney operator, Ma,” sabad ni Adrian. “May dalawa silang jeep na pamasada sa probinsya.” Waring napapahiya si Adrian sa pinapakita ng ina.*

*“Whatever,” sagot nito, pagkuwa’y hinarap ang anak. “By the way, tumawag nga pala sa akin kanina si Gracey, magbubukas na raw siya ng boutique sa 5<sup>th</sup> Avenue sa New York.” Ngumiti ito nang may pagmamalaki. “Napakagaling talaga ng batang iyon, hijo. May flair din pagdating sa negosyo. Baka nga raw*

*pala umuwi siya dito sa Pilipinas kapag established na 'yong boutique niya."*

Tumango lang si Adrian, ngunit halatang nairita sa ina sa harapang pambabalewala nito sa nobya. Hindi na rin pinansin ni Therese ang ginawi ni Mrs. Garces. Solong anak nito si Adrian at naiintindihan niya na hindi sila magka-level ng pamumuhay. Ngunit mahal niya ang binata kaya niya sinagot ang pag-ibig nito, hindi dahil mayaman ang lalaki.

Dalawang linggo pagkaraang dalhin siya ni Adrian sa bahay ng ina ay niyaya siya nitong pumunta sa Laguna kasama ang ilang kaibigan nila.

Tatlong cottage ang inupahan ng barkada, solo nila ni Adrian ang isang kuwarta. Dahil mahal niya ang binata ay hindi na siya nakatutol; may namagitan sa kanila.

She was only twenty-two. Ayaw sana niyang mag-asawa nang ganoon kabata. Pero pumayag siyang makipagtanan kay Adrian sa pangambang magkahiwalay sila. Ayon dito ay pinipilit ito ng ina na pumunta sa States at asikasuhin ang ilang negosyo roon ng pamilya. Alam ni Adrian na ang totoong dahilan ng ginang ay ang paglapitin sila ni Graciela.

Kung nag-aalala man si Therese na makipagtanan,

iyon ay dahil tiyak na magtatampo ang mga magulang niya. Bunso siya at inaasahan ng mga ito na mamahikan nang maayos ang mamamangin.

Napabuntong-hininga siya. Saka na lamang sila magpapakasal sa simbahan, kapag maayos na ang lahat.

---

Alas siete y media ang unang biyahe ng air-conditioned bus patungo sa Bicol. Maagang nagtungo si Therese sa tagpuan nila ni Adrian. Manggagaling pa ng Makati ang lalaki. Nag-text ito sa kanya kanina na paalis na ito ng bahay. Baka na-traffic lang ito kaya wala pa.

Ilang beses niyang sinubukang kontakin ang lalaki ngunit naka-off ang cellphone nito. Wala siyang magawa kundi ang maghintay sa pagdating nito.

Muli niyang sinubukang tawagan ito.

Nabuhayan siya ng loob nang mag-ring ang cellphone nito. Nagtaka siya nang makaraan ang ilang ring ay bigla iyong naputol. Sinubukan uli niyang i-dial ang numero ni Adrian pero naka-off na iyon muli.

Lalong nahiwagaan si Therese. Ano kaya ang

nangyari at hindi pa dumarating ang kasintahan?

Lito ang isip, nagpunta na siya sa istasyon at sumakay na ng bus. Siya yata ang huling pasaherong sumakay.

Hanggang makalabas ng terminal ang bus, ni anino ni Adrian ay wala siyang natanaw.

# 1

Buong biyahe niyang iniyakan ang ginawang pagtalikod ni Adrian sa kanilang usapan. Tila walang nakapansin sa impit niyang paghikbi.

Paano iyon nagawa ng lalaki sa kanya? Alam niyang mahal siya ng katipan at secured siya sa pagmamahal nito.

Bagaman nagtaka sa biglaan niyang pag-uwi ay hindi na masyadong nagtanong ang mga magulang niya.

Sa sarili ay hindi niya matiyak kung maghihinanakit o magagalit sa binata. Pero kahit anupaman, mahal na mahal pa rin niya si Adrian.

Lamang, hindi siya ang tipo ng babaeng tuluyang mawawalan ng pag-asa sa buhay dahil sa isang pangit na pangyayari. Para sa kanya, tuloy pa rin ang buhay kahit nagkaroon ng dilim sa dati ay masaya niyang disposisyon.

---

Tuwang-tuwa ang mga kasamahan ni Therese sa *St. Raphael Medical Diagnostics and Laboratory* nang

bumalik siya sa trabaho. Nag-unahan ang mga ito sa pasalubong niyang pili nuts at mga tsinelas na yari sa abaca. Tanging si Arianne na best friend niya ang nakapansin sa kakaibang lungkot sa kanyang mga mata.

Nang mag-lunch break, hinila siya nito sa karinderya na katabi ng clinic nila.

“What happened?” kaagad na tanong nito matapos silang makaupo sa paborito nilang sulok. “Hindi mo man lang sinabi sa akin na magbabakasyon ka pala. At hindi mo naman sinasagot ang mga text o tawag ko sa iyo.” May kaunting hinanakit sa tinig ng kanyang kaibigan.

Napangiti nang bahagya si Therese.

Hindi nito alam ang plano sana nilang pagtatanan ni Adrian.

“Nagtanan ako,” simpleng sagot niya.

Tumaas ang kilay ni Arianne.

“Nagtanan ako. Ako lang,” ulit niya. “Dahil... dahil hindi dumating si Adrian.” Napahikbi siya nang tuluyan.

Hindi maipinta ang mukha ng kausap. Sari-saring emosyon ang nakalarawan doon. Sinubukan niyang

ngumiti, ayaw niyang kaawaan siya ni Arianne.

“Hindi ko pa alam kung bakit di siya nakarating,” sabi niya. “Out of coverage pa rin ang cellphone niya.” Uminom siya ng tubig. “Ayaw ko namang tawagan ang mga kaibigan niya dahil hindi ako masyadong close sa kanila.”

“It shows hindi ka talaga itinuturing na ka-level nila,” may pagka-brutal na saad nito. “The nerve! May usapan na pala kayo’t lahat ’tapos ay hindi siya sisipot? What kind of man is he? That son of a—”

Sinansala na ni Therese ang sasabihin ng kaibigan. “Baka may malaking dahilan kung kaya’t di siya nakarating,” pagbibigay niya ng katuwiran kay Adrian. “Baka na-snatch ang cellphone niya, or worse, baka naaksidente nang papunta noon sa *Araneta*...”

Nagsimula siyang mag-isip ng mga scenario na maaari ngang dahilan ng hindi pagsipot ni Adrian sa tipanan nila. Inaasahan niya ang pagsunod nito pauwi sa kanilang probinsya. Pero hindi rin iyon nangyari.

Umiling si Arianne. “Therese, di ba noon pa sinabi ko nang hindi ako masyadong boto sa lalaking iyon para sa iyo? May iba pa namang nanliligaw sa iyo, ah. Ayaw mo pa kasing pansinin si Kiko,”



nakatawang sabi nito. Ang x-ray technician nila ang tinutukoy nito.

Natawa siya nang bahagya. Kilala nilang playboy si Kiko. Bawat matipuhang customer ay naide-date nito kaagad. Palibhasa'y may hitsura at magaling mambola ng chicks.

“Gagawin mo pa 'kong nth girlfriend ng kolokoy na iyon,” angal niya.

“At least, established na ang karakter n'on,” sambit ni Arianne. “Di tulad ng iba diyan, akala mo'y matino, 'yon pala nasa loob ang kulo,” dagdag nito na halatang si Adrian ang pinatutungkulan.

“Huwag muna natin siyang husgahan,” sabi niya. “Mamaya siguro'y tatawagan ko na lang ang sekretarya sa opisina nila. Baka alam niya kung nasaan si Adrian.”

Umismid si Arianne. “Good luck, girl. But if I were you, di ko na pag-aaksayahan ng panahon ang lalaking walang paninindigan at walang isang salita.”

Hindi na siya umimik para di na sila magtalo. Hanggang pagbalik nila sa trabaho ay inisip ni Therese ang sinabi ng kaibigan. Ngunit di rin siya matatahimik hangga't hindi sila nagkakausap ni Adrian.

Tumawag si Therese sa opisina ni Adrian. Ang personal secretary nitong si Rose ang nakausap niya Nakilala na niya itong minsan at nahalata niya na wari'y inis ito sa kanya. At bilang babae ay nahalata rin niya na malaki ang pagkagusto nito kay Adrian.

Pakiramdam niya ay parang siyang pulubi na namamalimos ng impormasyon tungkol sa sariling nobyo. O nobyo pa rin nga kaya niya?

“Si Adrian? You’re looking for Adrian?” May incredulity sa tinig ng nasa kabilang linya.

“Oo, sana,” sagot niya. “Ilang araw na kasi kaming di nagkikita, nagbakasyon kasi ako sa probinsya at di ko siya makontak sa telepono niya.”

“You didn’t know what happened, did you?” marahas na tanong ng kausap.

“Ano’ng...? Bakit, may nangyari ba?” kinakabahang tanong niya.

Narinig niyang humugot ng buntong-hininga si Rose. “Adrian’s not here anymore,” dugtong nito. “Mag-iisang linggo na siyang nakaalis papuntang States.”

## 2

Dalawang linggo matapos silang mag-usap ni Rose sa telepono ay nag-resign sa trabaho si Therese.

Ipinasya niyang bumalik sa probinsya at mag-apply ng trabaho sa pinakamalaking government hospital sa kanilang lalawigan. Masama ang loob ni Arianne. Dahil lamang daw sa isang lalaki ay hahayaan niya ang sarili na magmukmok at maburo sa probinsya. Ipinagkibit-balikat lamang niya ang sinabi nito.

Habang daan pauwi sa Bicol ay binabalikan niya sa isip ang huling pag-uusap nila ni Rose...

Nagkatotoo ang hinala niyang naaksidente nga si Adrian noong hapon na usapan nilang magtatanan.

Mabilis na takbo ng kotse nito at batay sa salaysay ng mga nakasaksi, isang dump truck ang aksidenteng nag-sidesweep sa kaliwang bahagi ng kotseng minamaneho ni Adrian.

“Wasak ang kotse ni Adrian,” kuwento ni Rose. Malambot ang boses nito, halatang nanlumo rin sa nangyari sa binata. “Ni hindi nga namin nalaman agad ang nangyari dahil hindi naman iyon nabalita

sa radyo o sa TV.”

“How... how bad was it? Si Adrian...” nangangatal niyang tanong.

“He was unconscious for four days. Sa may driver’s side bumangga ang truck at halos mapulbos ang salamin ng side door. The accident damaged his face, iyon ang sabi ng mama niya,” dugtong pa nito.

Parang mabubuwal si Therese sa narinig. Kung hindi lamang siya napaupo sa kalapit na sofa ay natumba na siya sa pagkagimbal.

“Saan... saan siya na-confine?”

“Sa *Makati Med.* But after he regained consciousness, I heard nag-suggest ang attending physician niya na dalhin muna sa States si Adrian for further treatment. Minsan lang kami nakadalaw sa kanya sa hospital.” Mas open na ngayon magkuwento si Rose. Waring nalimutan nito pansamantala ang animosity sa kanya. “Hindi nga halos kami pinayagan ni Mrs. Garces na makausap siya. Piling-pili lang ang mga taong dumadalaw sa kanya sa hospital.”

Kung nagkataong alam ni Therese ang nangyari kay Adrian, malamang na hindi rin siya payagan ng ina nitong madalaw ang katipan.

Marami pa sana siyang gustong itanong kay Rose, pero hindi na niya matagpuan ang boses para magsalita nang matagal. Pagkatapos magpasalamat dito ay ibinaba na niya ang telepono.

Naglakas-loob siyang i-dial ang numero ng bahay ni Adrian.

Katulong ang nakasagot sa kabilang linya, ngunit nang magpakilala siya at makiusap na kung maaari ay makausap si Mrs. Garces, matagal siyang naghintay.

“Hello?”

Muling napalunok si Therese. Waring nakikita niya ang matigas na anyo ng ina ng katipan.

“Mrs. Garces, Ma’am, si... si Therese ho ito,” magalang ngunit kinakabahan niyang pagpapakilala.

Matagal bago nagsalita ang nasa kabilang linya.

“Ah, Therese. Yes, ano’ng kailangan mo?”

“N-ngayon ko lang ho nabalitaan ang... nangyari. I’m sorry. Gusto ko ho sanang malaman kung... kung kumusta na si... Adrian?”

“Ah, so, alam mo na rin na wala dito sa bansa ang anak ko? I’ll be very frank, Therese. I made sure na hindi na kayo magkikitang muli ng anak ko. Sa

States na siya mamamalagi. Please, lubayan mo na si Adrian. If... if you really love him, you will let him go. Hindi ikaw ang babaeng gusto ko para sa kanya.”

Hindi makaimik si Therese. Matagal na niyang alam iyon. Ngunit ngayon lang tahasang ipinamukha sa kanya.

Matagal bago siya nakabawi.

“Gusto ko lang ho sanang malaman kung kumusta na siya, iyon lang ho,” pakiusap ni Therese.

“He’s doing well, despite his injuries. May kailangan ka pa ba? Paalis kasi ako,” malamig na tugon ni Mrs. Garces.

Para siyang mauupos na kandila. Napakapit na lang siya sa armrest ng kanyang upuan. Pagkuwa’y, “Wala na ho, ipagdarasal ko na lang ho na sana’y gumaling agad si Adrian. Please send him my love,” pakiusap niya.

“Goodbye.”

---

Sa buhay ng tao ay madalas na dumarating ang bagyo. Iyong tipo na puwedeng ikamatay ng pag-asa para makabangon.

Ngunit may mga uri ng pagsubok na nagbibigay rin ng lakas ng loob upang lalong maging matatag sa susunod. Ganoon tinitingnan ni Therese ang pagkawala ni Adrian sa kanyang buhay.

Nakaraan na lamang iyon. Hindi siya magpapakamatay dahil lang sumuko si Adrian na ipaglaban ang pag-ibig nila mula nang maaksidente ito.

Balang araw ay malilimutan din niya ang binata.

Sapat ang pagmamahal niya rito upang hayaan itong mawala sa kanya, sapagkat naniniwala pa rin siya na hindi nananakal ang isang umiibig. Sabi nga, kung babalik ito nang kusa, saka siya maniniwala na sila nga ang magkapalad.

# 3

Magkasabay na umuuwi sina Therese at ang kaopisinang si Dynah pagkatapos ng trabaho. Iisa lang ang ruta ng tricycle na sasakyan nila kaya lagi silang nagsasabay sa pag-uwi. Mauuna lang bumaba si Dynah sa bukana ng Fordham Street samantalang si Therese ay sa Park Street.

Minsan kapag sabay ang day-off nila ay nagpupunta ang babae sa kanilang bahay at nagkukuwentuhan sila o kaya ay lumalabas para manood ng sine.

Si Dynah ang naging matalik niyang kabigan sa trabaho nang pumasok siya sa *Bicol Medical Center*. Sapagkat kapwa dalaga, kaagad silang nagkahulihan ng loob. Karamihan sa mga kasamahan nila ay may asawa na. Dalawa rin ang binatang medical technologists sa nasabing hospital, ngunit bihira nilang makasabay sa pag-duty ang mga ito. May kasama rin silang pathologist at tatlong resident physicians sa laboratory.

Sa loob ng ilang buwan ay madaling nakapag-adjust si Therese sa bago niyang trabaho. Kahit papaano ay nalilibang siya at walang panahon para



magnilay-nilay sa mga pangyayaring nagdaan sa kanya. Mas marami siyang gawain sa hospital kaysa noong nagtatrabaho pa siya sa Maynila.

“Mukhang nahihiyang ka yata sa trabaho mo dito kaysa noong nasa Maynila ka pa,” minsan ay puna ni Aling Celia, ang kanyang ina, habang kumakain sila ng hapunan. Pinagmamasdan siya nito.

Ngumiti siya sa ina. “Tumataba nga ako, ’Nay,” sabi niya. “Mas presko ang hangin dito kaya napapalakas ang kain ko.”

Tinulungan niya itong magligpit ng kanilang pinagkainan.

“Hindi ka ba na-depress sa nangyari sa inyo ni... Adrian?”

Napatingin siya sa ina. Ngayon lang muling inungkat ni Aling Celia ang tungkol kay Adrian. Iiginalang ng kanyang mga magulang ang pananahimik niya tungkol sa mga pangyayari sa pagitan nila ng dating nobyo.

Nang hindi siya sumagot ay muli itong nagsalita.

“Napapansin ko kasi na parang walang anuman sa iyo ang nangyari. Na para bang hindi naging masakit sa iyo ang ginawa ng ina ni Adrian. At hanggang

ngayon ay hindi siya gumagawa ng paraan upang magkaroon uli kayo ng komunikasyon.” Napatitig sa kanya ang ina. “Talaga bang minahal mo ang taong iyon, anak?”

Malungkot siyang ngumiti. “Mahal ko pa rin siya, Inay. Mahal na mahal. Pero kung babalik sa akin si Adrian, sana iyong may basbas na ng mama niya.”

Marahan nitong tinapik ang balikat niya. “Tama iyon. Napakahirap bumuo ng pamilya na sa simula pa lamang ay watak-watak na.”

---

Hindi makatulog nang gabing iyon si Therese. Nagtimpla na siya ng gatas at saglit na nanood ng TV sa sala ngunit ayaw pa rin siyang dalawin ng antok.

Ganito rin ang kanyang pakiramdam noong hindi pa siya nag-uumpisang magtrabaho sa hospital. Nang panahong bagong-bago pa lamang napuputol ang relasyon nila ni Adrian.

Hindi lamang niya ipinahahalata sa mga magulang ang depression na naramdaman niya. Mabuti na lamang at nakapagtrabaho siya kaagad, nalibang at kahit paano ay nawawala sa isip niya ang dating katipan.

Pero ngayon ay tila paulit-ulit na pelikulang bumabalik sa alala niya ang dating nobyo.

Binuksan niya ang lampshade sa bedside table. Mula sa nakabukas na bintana ay pumapasok ang mabining hangin. May rehas naman ang mga bintana kaya hinahayaan lamang niyang bukas ang mga iyon buong magdamag.

Hindi niya alam kung bakit may nagtutulak sa kanyang buksan ang drawer ng kanyang tokador. Sa pinakailalim ng mga personal niyang gamit ay inilabas niya ang isang kahon.

Sa *Papemelrotti* nila iyon binili noon ni Adrian.

Nasa loob ang isang maliit na photo album, picture frame na may litrato nila ni Adrian, greeting cards at love notes na galing dito. Sa ilalim niyon ay kinuha niya ang locket at charm bracelet.

Putol na ang chain locket kaya hindi na niya ito isinusuot. Itinago niya ang lahat ng alaala ni Adrian noong gabi matapos ang huli nilang pag-uusap ni Mrs. Garces.

Hindi ba may pamahiin na kapag naputol ang isang kuwintas o pulseras ay nangangahulugan iyon ng paghihiwalay ng dalawang taong nagmamahalan?

Nagpabuntong-hininga nang malalim ang dalaga.

---

Si Therese ang inirekomenda ng kanilang chief medical technologist para mag-attend ng mid-year convention ng *PAMET* sa Manila. Sa staff members ng laboratory, siya lang ang walang conflict of schedule kaya siya ang napili.

Dalawang linggo mula ngayon ang date ng convention. At sa isang malaking hotel sa Manila ang venue.

Natutuwa siya sa opportunity na makaluwas sa Manila. Baka magkita sila roon ng mga dati niyang katrabaho sa *St. Raphael Medical Diagnostics and Laboratory*. Matagal-tagal na rin silang hindi nagbabalitaan.

Si Arianne ay bihira na ring tumawag sa kanya dahil busy rin ito sa trabaho. Kontento na sila sa paminsan-minsang pagte-text.

Isang ahente ng laboratory equipments ang nag-sponsor ng kanyang accommodation.

---

“Sana ay sa bahay ka na lang tumuloy para makapagkuwentuhan tayong maigi.”

Natawa si Therese sa tinuran ng kausap. Nang gabing iyon ay tinawagan niya si Arianne at ibinalita na luluwas siya para sa kanilang mid-year convention.

“Ayos lang iyon,” sabi niya. “Basta magkita na lang tayo doon, ha? Marami tayong pagkukuwentuhan.”

Waring tinatantya ni Arianne kung ano ang kanyang mood.

“Okay ka na ba? I mean, hindi na ba masyadong down ang feeling mo ngayon?”

Napangiti si Therese kahit di nakikita ng kausap.

“Kelan mo ba ako nakitang na-depress sa isang problema? Alam mo namang palaban itong kaibigan mo, 'no!”

“As far as Adrian was concerned, you're not!”

Napanganga siya. “Ano'ng ibig mong sabihin?”

“Ang ibig kong sabihin, nagpatalo ka sa mama ni Adrian. Basta mo na lang siya isinuko nang hindi mo ipinaglaban ang pag-ibig n'yo. Look, if you really love him, you should fight for that love, at hindi iyong pumayag ka na iba ang mag-decide ng future ninyo!”

Nabaghan si Therese. Dati-rati ay si Arianne ang tumututol sa kanilang relasyon ni Adrian, ngunit

ngayon ay parang sinisisi pa siya nito sa paghihiwalay nilang magkasintahan.

“Ibig mong sabihin, sundan ko siya sa States?”

“Oo!” sagot nito. “Kung ayaw siyang pabalikin ng mama niya rito, bakit hindi ka sumunod sa kanya?”

Ibig niyang matawa, pero napailing na lang siya. “Hindi ako mayaman na puwedeng lumipad papuntang Amerika anumang oras na gustuhin ko,” sabi na lamang niya.

“Aba, gumawa ka ng paraan. Mag-apply ka d’un. Marami tayong kaibigang med tech na maganda ang buhay doon. Mas malaki ang chance mo doon na magkita kayo ni Adrian.”

Iniba ni Therese ang usapan. “How come iba na ang tono mo ngayon, ha?” Nilakipan niya ng pagbibiro ang himig. “Mukhang in love ka na rin, ah.”

Saglit na natahimik si Arianne sa kabilang linya. Mayamaya ay tumawa ito nang bahagya.

“It takes one to know one, huh?” sagot nito.

Natawa na siya. “Really? Sino? Do I know him?”

Tumawa uli ito. “You’ll know when you get here. See you soon, best friend!”

# 4

Sa façade ng hotel ay may nakasabit na malaking streamer ng ginaganap na mid-year convention. Marami nang tao pagdating ni Therese sa lobby ng gusali. Magarbo ang ayos ng convention hall at sa labas ay nakahilera ang product at demo booths ng iba't ibang sponsors. Sa unang araw ng convention ay dalawang foreign speakers ang nagbigay ng lecture tungkol sa pinakabagong breakthrough sa diagnostic examinations.

Breaktime nang hapong iyon nang magkita sila ni Arianne.

Sabik na nagyakap ang dalawang babae. Magkalayo ang mga mesa nila kaya hindi sila kaagad nagkita.

“My, you look... gorgeous!” bulalas ng kaibigan. “Tumaba ka at...” Tinitigan siya nito. “Mukhang meron nang nagbibigay ng rosy glow diyan sa mukha mo,” parang nanghuhulang sabi nito.

Tumawa si Therese. “Ikaw nga diyan, ang ganda-ganda mo lalo ngayon. Kasama mo ba ngayon ang bago mong papa?”

Humalakhak si Arianne. Hindi sila nakakaagaw ng pansin dahil karamihan sa mga convention participants ay abalang kumukuha ng pagkain sa buffet table.

“Magugulat ka, Therese.” Hinila siya nito na maupo sa isang bakanteng mesa sa isang sulok ng convention hall. “I could hardly believe it myself. Akala mo ba, sa dinami-dami ng nililigawan niya at binola-bola, ek-ek lang pala niya iyon para mapansin ko. Dahil alam niyang inis na inis ako sa ginagawa niya,” natatawang sabi nito.

Kumunot ang kanyang noo. Nahulaan niya kung sino ang tinutukoy ng kaibigan.

“Are you telling me na si...” Nanlalaki ang mga mata at pabirong natutop niya ang bibig.

“Mismo!” nakatawang tango nito.

“Si Kiko? Really?” Natatawa na siya. At nag-high-five pa sila.

“Really, Therese,” pagkuwa’y seryosong sabi ni Arianne. “It’s just his defense mechanism sa di ko pagpansin sa kanya dahil nga inis ako sa ginagawa niyang pagpapa-cute sa mga kasamahan natin at kahit sa mga customers. But he’s changed now, he’s really a one-woman man deep inside.”



Napangiti si Therese sa kaibigan. At least ay nararamdaman na nito ang magkaroon ng intense feeling sa isang lalaki. Maligaya siya para rito.

“Well,” sabi nito pagkaraan, “ikaw, malihim ka pa rin gaya ng dati.” Tunitig ito sa kanya. “Pinalitan mo na ba si Adrian diyan sa puso mo?”

Matagal bago siya umimik.

“Lagi siyang narito, Ianne,” mahinang sabi niya na inilagay ang isang kamay sa tapat ng kanyang dibdib. “Hindi basta-basta maaalis iyon.” Hindi pa rin niya masabi sa kaibigan na minsan ay naibigay na niya ang sarili sa dating nobyo. Mabuti na lamang at hindi siya nabuntis. Kung nagkataon ay mas malaking dagok ang mararanasan niya, at madadamay pa ang isang walang-muwang na sanggol sa isang walang-katiyakang relasyon.

“You’re surviving in spite of it all.”

Ngumiti siya. “Oo naman, mababait din ang mga kasamahan ko sa trabaho. My parents have always been supportive of me. Kailanma’y hindi nila kinuwestyon ang mga desisyon ko sa buhay.”

“Have you considered applying for a job abroad?” she asked.

Umiling siya. “Hindi ko yata ma-imagine ang sarili ko na manirahan nang malayo sa mga magulang ko,” nakangiting sabi niya. “Mas masarap pa ring mabuhay dito sa sariling bayan.”

“Sa hirap ng buhay ngayon, kailangang maging practical.”

“Sentimental lang ako,” sambit ni Therese. “Practical din naman ako, di ba? Dahil hindi ko kayang kalabanin ang mama ni Adrian, mas mabuti nang putulin na namin ang aming relasyon.”

“Pero hindi nanggaling kay Adrian ang desisyong iyon.”

Umiling siya. “Hindi nga.”

---

Sa ikalawang araw ng convention ay hindi niya nagustuhan ang topic ng isang lecturer. Tiningnan ni Therese ang schedule. Halos dalawang oras ang gugugulin sa topic na iyon at sa uri ng pagsasalita ng speaker, karamihan sa mga participants ay kakikitaan na ng pagkabagot at antok.

Lumingon siya sa pinto. Malapit lamang ang mesa nila sa entrance ng convention hall. Tiningnan niya ang mga katabi sa mesa; wala sa speaker ang

atensyon ng mga ito. Ang isa ay nakapikit na ang mga mata sa labis na boredom at ang iba ay nagte-text sa cellphone.

Pasimple siyang tumayo at kunwa'y pupunta sa restroom sa dulo ng pasilyo. Inayos lamang niya ang sarili sa harap ng salamin. Pagkatapos ay lumabas siya ng restroom at sumakay ng elevator pababa ng hotel.

Sa second floor ay tumigil ang elevator at sumakay ang isang lalaki. Mag-isa lamang siyang nakasakay roon at siya na ang pumindot ng button na magsasara sa pinto ng elevator pagkapasok nito.

Bahagyang magulo ang buhok ng estranghero pero hindi iyon nakabawas sa appeal nito. Matipuno ang katawan nito na nakasuot ng navy blue business suit. Parang tinambol ang dibdib ni Therese nang bahagya itong ngumiti sa kanya, pero mayamaya ay napakunot-noo ito habang nakatingin sa kanya.

Alam niyang maayos ang kanyang hitsura dahil kagagaling lamang niya sa powder room bago siya sumakay ng elevator.

Bago nagsara ang elevator door ay may humabol dito.

“Wait! Please hold the elevator!”

Therese pressed the hold button.

Sexy at chic ang babaeng humabol. Halatang kasama nito ang lalaki dahil pagkapasok na pagkapasok ay kaagad na pumulupot ang mga kamay nito sa braso ng estranghero.

“Darren, bakit bigla ka na lamang lumabas doon? It’s as if hindi mo kakilala ang mga empleyado mo.”

“That’s it, hindi ko sila kilala. Hindi ko nakikilala.” Parang may kahalong daing sa matigas na boses ng lalaki.

“It will come back to you, I promise,” malambing na sabi ng babae. Hinimas-himas pa nito ang kamay ng kausap. “Be patient, okay? Sinabi naman ng doctor mo, it will take time para tuluyan mong maalala ang nakaraan.”

Napapalunok si Therese sa naririnig. The conversation seemed so private. Ngunit hindi siya makaiwas dahil silang tatlo lamang ang nakasakay sa elevator. Tinatambol pa rin ang kanyang dibdib dahil parang narinig na niya ang boses ng lalaki. Ang pangangatawan nito, ang tikas ng tindig, kahit pahapyaw lamang niya itong natapunan ng pansin, parang nakaukit iyon sa memorya niya.

Ngunit natitiyak niyang ngayon lang niya nakita

ang lalaking iyon.

Nakahinga siya nang maluwag nang tumigil sa ground floor ang elevator at bumukas ang pinto. Hinintay muna niyang maunang lumabas ang dalawa.

Bahagya siyang tinapunan ng tingin ng babae nang dumaan sa tapat niya, pagkatapos ay niyakap na ang kasama.

“If you want, umuwi na lang muna tayo sa bahay ninyo,” sabi nito. “I’ll prepare a sumptuous lunch for us.”

“I’m not hungry,” sagot ng lalaki.

“Nevertheless, I’ll cook. And I’m a good cook, mind you.”

Alanganing sumunod si Therese sa dalawa. Tumigil ang mga ito sa gitna ng lobby na parang nagtatalo. Alam niyang mayroong mall malapit sa hotel. Balak niyang mamasyal muna o mag-window shopping. Bahagya siyang lumihis para lumabas na hindi dadaan sa tabi ng dalawang nag-uusap.

Bago siya nakalabas ng hotel ay narinig niyang may tumawag sa kanya.

“Miss... Miss, excuse me.”

Lumingon siya.

Ang lalaking kasabay niya sa elevator ang palapit sa kanya. Nakita niya ang kasama nito na nagtataka sa ginawi nito.

“Bakit ho?” alanganing tanong ng dalaga.

Waring napahiya ito. Nakakunot pa rin ang noo nito na waring may pilit inaapuhap sa isip.

“I’m sorry, but... have we met before?”

Takang napatingin si Therese sa kaharap.

“Well, no... I’m sorry. You must have mistaken me for someone else.”

Parang naawa siya sa hitsura ng lalaki. Mistula itong batang paslit na napahiwalay sa ina sa karamihan ng tao. Nakakunot ang noo nito na parang may hinahanap sa isip.

“I... I don’t know...” Natutop nito ang noo. “I... parang kasing nagkita na tayo... somewhere.”

Bago siya nakasagot ay lumapit na sa kanila ang babaeng kasama nito at hinawakan sa kamay ang lalaki.

“Darren, let’s go.” Halatang may pagkairita na sa tinig nito, pagkuwa’y tinapunan siya ng tingin. “I’m

sorry, Miss. My boyfriend is just stressed out. He's not his usual self. Excuse us." Pagkatapos ay lumabas na ang mga ito at sumakay sa nakaparadang kotse sa harap ng hotel.

Nailing na lamang na naglakad sa tagiliran ng hotel si Therese, patawid ng kalsada papunta sa malaking shopping mall. Naalala niya ang iniwang convention. Sana ay niyaya niya si Arianne na lumabas kanina para magkasama silang mamamasyal ngayon.

Mayamaya ay nakaramdam siya ng pagkalam ng sikmura. Pumasok siya sa kalapit na *KFC*.

Nag-order siya ng paborito niyang hot chicken burger, large *Coke*, at coleslaw. Kahit hindi na siya mananghalian ay okay na sa kanya.

"May I sit here with you?"

Napalingon siya sa tinig sa kanyang likuran.

Ang lalaking nakasabay niya kanina sa elevator!